



ERBUHAY

(english edition: www.verbuhaymagasin.com)

GABAY SA BIBLE SHARING

IKATLONG LINGGO NG MULING PAGKABUHAY (B) • ABRIL 15, 2018

Tagapagtaguyod ng Kapayapaan



(Pambungad na Panalangin, sa pinakahuling pahina)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Gawa 3:13-15, 17-19)

¹³NOONG MGA araw na iyon: sinabi ni Pedro sa mga tao, “Ang Diyos nina Abraham, Isaac, at Jacob, ang Diyos ng ating mga ninuno, ang nagbigay ng pinakamataas na karangalan sa kanyang Lingkod na si Jesus. Ngunit siya’y ibinigay ninyo sa maykapangyarihan at itinakwil sa harapan ni Pilato, gayong ipinasiya na nitong palayain siya. ¹⁴Itinakwil ninyo ang Banal at Matuwid, at isang mamamatay-tao ang hiniling ninyong palayain. ¹⁵Pinatay ninyo ang Pinagmumulan ng buhay, ngunit siya’y muling binuhay ng Diyos, at saksi kami sa bagay na ito.

¹⁷“At ngayon, mga kapatid, batid kong hindi ninyo nalalaman ang inyong ginawa,

gayon din ang inyong mga pinuno. ¹⁸Ngunit sa ginawa ninyo’y natupad ang malaon nang ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta na ang Kristo’y kailangang magbata. ¹⁹Kaya’t magsisi kayo at magbalik-loob sa Diyos upang pawiin niya ang inyong mga kasalanan.”

Tema: **Si Hesus na Muling Nabuhay**

PAGPAPALIWANAG

- Tungkol sa Muling Nabuhay na Hesus ang teksto. Sino ang muling nabuhay na Hesus dito?
- Ang lingkod ng Diyos (ni Abraham, Isaac at Jacob) (b. 13).
- Ang Banal at Matuwid (b.14).
- Ang Pinagmumulan ng Buhay (b. 15).
- Muling binuhay ng Diyos (b. 15).
- Ang Kristo ng Diyos (b. 18).

• Ito ay parte ng sermon ni Pedro pagkatapos ng Muling Pagkabuhay. Sa sermon na ito (kerygma), inilahad ni Pedro ang kaibahan ng mga gawa ng mga tao at gawa ng Diyos kay Hesus.

• Ibinigay ng mga tao si Hesus sa makapangyarihan at itinakwil sa harapan ni Pilato. Ngunit pinarangalan ng Diyos si Hesus. (Mabuti pa si Pilato kasi nais niyang pakawalan si Hesus [b.13], ngunit pinakawalan nila ang mamamatay-tao, napakalaking pagkakamali!). Pinatay ninyo muli Siya, ngunit binuhay muli ng Diyos (b. 15).

• Sinisikap ni Pedro na intindihin ano ang hindi magandang nagawa ng mga tao: “batid kong hindi ninyo nalalaman ang inyong ginawa, gayon din ang inyong mga pinuno (b. 17).”

• Samantala, kabalintunaan nito: “natupad ang malaon nang ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta na ang Kristo’y kailangang magbata (b. 18).”

• Mahalaga ang pinakahuling linya.

• Inaanyayahan tayong lahat na magsisisi... (b. 19).

PAGNINILAY

Kung nakatoon tayo kay Hesus, tayo ay patungong buhay na walang hanggan.

SALMONG TUGUNAN (Slm 4)

POON, SA 'MI'Y PASIKATIN ANG LIWANAG SA IYONG PILING.

IKALAWANG PAGBASA (1 Jn 2:1-5a)

¹MGA ANAK, isinusulat ko ito sa inyo para hindi kayo magkasala. Ngunit kung magkasala ang sinuman, may Tagapamagitan tayo sa Ama. At iya’y si Hesuskristo, ang walang sala. ²Sapagkat si Kristo ang handog sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan natin, at kasalanan din ng lahat ng tao.

³Nakatitiyak tayong nakikilala natin ang Diyos kung sinusunod natin ang kanyang mga utos. ⁴Ang nagsasabing, “Nakikilala ko siya,” ngunit sumusuway naman sa kanyang mga utos ay sinungaling, at wala sa kanya ang katotohanan. ⁵Ngunit ang tumutupad sa salita ng Diyos ay umiibig sa kanya nang wagas. Ganito natin nalalamang tayo’y nasa kanya.

Tema: **Hindi Magpakasala**

PAGPAPALIWANAG

- Ipinapahayag ng may akda ang layunin ng pagsulat: na hindi tayo magkasala (b. 1).
- Binibigyan diin ng may-akda ang mga makasalanan na umasa sa pamamagitan ng pagsambit: “may Tagapamagitan tayo sa Ama (b. 1).”
- Sa pagbasang ito, makikita natin ang mahalagang papel ni Hesus sa ating kaligtasan.
- Siya ang “handog sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan natin (b. 2).”
- Paano ba ang hindi magkasala?
- Hindi ka magkasala kung kinikilala mo si Hesus, sinusunod mo ang kanyang mga utos at turo.
- Hindi pagkasala kung iniingatan mo ang kanyang mga Salita= ang pag-ibig ng Diyos ay nasasalamin ng lubusan kay Hesus.

PAGNINILAY

Ang kasalanan, sa kontekstong ito, ay maiintindihan bilang isang walang pagkikilala (walang kaalaman tungkol) kay Hesus.

MABUTING BALITA (Lc 24:35-48)

Mga disipulos mula sa Emmaus at ang kuwento nila tungkol sa pagkawala ni Hesus

³⁵NOONG PANAHOONG iyon:
³⁶samantalang pinag-uusapan ng mga alagad kung paanong nakilala si Hesus (*sumama si Hesus sa kanilang paglalakad at kuwentuhan sa mga pangyayari sa Jerusalem, at habang nagpaliwanag si Hesus, nag-aalab ang*

kanilang mga puso) sa paghahati-hati ng tinapay, (*nakilala lang nila siya nang naganap uli ang huling hapunan*) si Hesus ay tumayo sa gitna nila. “Sumainyo ang kapayapaan!” sabi niya sa kanila. (*katulad ng bati ni Hesus noong unang linggo*)³⁷Ngunit nagulat sila at natakot sapagkat akala nila’y multo ang nasa harapan nila.³⁸Kaya’t sinabi ni Hesus sa kanila, “Ano’t kayo’y nagugulumihanan? Bakit nag-aalinlangan pa kayo?”³⁹Tingnan ninyo ang aking kamay at paa, (*Ang mismong tinutukoy na parte ng kanyang katawan ay dahil sa pagpapako sa kanya, ang mga nakalantad, ngunit hindi niya pinapakita ang kanyang tagiliran*) ako nga ito. Hipuin ninyo ako at pagmasdan (*Sinisiguro ni Hesus na Siya ito*). Ang multo’y walang laman at buto, ngunit ako’y mayroon, tulad ng nakikita ninyo.”⁴⁰At pagkasabi nito, ipinakita niya sa kanila ang kanyang mga kamay at mga paa.⁴¹Nang hindi pa rin sila makapaniwala dahil sa malaking galak at pagkamangha, tinanong sila ni Hesus, “May makakain ba riyang? (*Hindi pa sapat ang makita at mahipo siya, ngunit makita Siyang kumakain*)”⁴²Siya’y binigyan nila ng kaputol na isdang inihaw;⁴³kinuha niya ito at kinain sa harapan nila (*Parang iba si Hesus. Kumain sa harapan nila. Pinagmasdan nila Siya. Bago sa kanila ang Muling Pagkabuhay. Hindi pa nila ito naiintindihan ng lubusan. Marahil hindi sila handang tanggapin ito. Ngunit Siya ay muling nabuhay. Kaya wala silang kawala sa maidudulot nito*).

⁴⁴Pagkatapos sinabi sa mga alagad, “Ito ang tinutukoy ko nang sabihin ko sa inyo noong kasama-sama pa ninyo ako: dapat matupad ang lahat ng nasusulat tungkol sa akin sa Kautusan ni Moises (*Torah o Turo sa Filipino*), sa mga aklat ng mga propeta (*Nebi’im*), at sa aklat ng mga Awit (*Kethub’im*).” (*Tinupad ni Hesus ang lahat na nakasaad sa Lumang Tipan, TANAK, ang bibliya ng mga Judio*)

⁴⁵At binuksan niya ang kanilang mga pag-iisip upang maunawaan nila ang mga Kasulatan (*Binuksan din ni Hesus ang mga mata ng mga alagad na pumuntang Emmaus nang hinati niya ang tinapay*).⁴⁶Sinabi niya sa kanila, “Ganito ang nasusulat: **kinakailangang magbata ng hirap at mamatay ang Mesiyas at muling mabuhay sa ikatlong araw** (*Hindi natin maiintindihan ang Kasulatan kung hindi tayo maniwala na muling nabuhay si Hesus sa ikatlong araw. Ang Muling Pagkabuhay ay kailangang maganap upang matupad ang mga nasulat. Ang kasulatan ng mga Judio ay maging kabuluhan lamang kung titingnan natin ito sa pamamagitan ng Muling Pagkabuhay*).⁴⁷Sa kanyang pangalan, ang pagsisisi (*dahil sa katigasan ng puso at dahil sa hindi pagtitiwala*), mula sa at kapatawaran ng mga kasalanan (*Iniatasan ang mga apostoles na ipatupad ang misyon ni Hesus ng pangangaral, paghilom at pagpapatawad sa mga kasalanan katulad ng kanyang mga ginawa sa Galilea at sa ibang parte ng Israel*) ay dapat ipangaral sa lahat ng bansa, magmula sa Jerusalem.⁴⁸Kayo ang mga saksi sa mga bagay na ito (*Hindi pa tapos ang laban para sa mga apostoles. Patuloy*

PAANYAYA...

BIBLE APOSTOLATE LECTURE SERIES SA:

SAN ROQUE PARISH

Cabrera St., Pasay City

SABADO, 7:30 -9:00 PM

- **APRIL 21, 2018-** Fr. Paolo Asprer, SSP. Dei Verbum; Verbum Domini; The WORD OF GOD in the life and mission of the Church.
- **MAY 19, 2018-** Cl. Albert Garong, SSP. Inspiration and Canon; Deuterocanonicals

silang maging saksi ng Muling Pagkabuhay, ipalaganap ang kahiwagahan nito).”

Tema: **Ang Pagdadakila kay Kristo**

PAGNINILAY

Mula ngayon, ang Muling Pagkabuhay na ang puno't dulo ng ating mga pangangaral at mga gawain.

II. PAG-UUGNAY

Tayo ay nasa Panahon ng Muling Pagkabuhay ng Panginoon.

Pinapaalala ng ating Unang Pagbasa na ang Diyos na Ama ay ang nagbigay ng Muling Pagkabuhay kay Hesus mula sa kamatayan. Hindi tayo dapat magkakamali sa pag-iintindi

sa katotohanang ito.

Ipinaliliwanag ng Pangalawang Pagbasa na ang kaligtasan mula sa ating mga kasalanan ay sa pamamagitan ni Kristo (nasa isip na ngmay akda na Siya ay muling Nabuhay). Dapat nating ppalalimin pa ang pagkilalala kay Hesukristo.

Nagsasaad ang Mabuting Balita ng mga patunay ni Hesus ng kanyang Muling Pagkabuhay sa harapan ng mga hindi makapanipaniwalang mga alagad, na hindi kaagad naiigpawan ang kanilang pagdadalamhati at harapin na ang kagalakan ng Muling Pagkabuhay. Ang muling pagkabuhay ay nagbibigay sa kanila ng mga bagong hamon.

-Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM
-Pagsasalin: Br. Hansel Mapayo, SSP

(Pangwakas na Panalangin)

PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating Biblical Apostolate, maari pong magdonate ng legal size na bond paper sa:

STPAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa 'yo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa ami'ng sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinapasalamatan dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalala sana namin at mapangangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagninilaynilayan ang mga ito sa aming puso.

Pangoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay, Maawa Ka sa amin.
Luwalhati... (mula sa Prayers of the Pauline Family)